

**Pagkatapos ng
High School . . .
ANO NA ?**

Ni

LUCIANO L. GABOY

**Karapatang ari © 2005 ng
CALLIGRAPHY PRINT**

Reserbado ang lahat ng karapatan.

**ISBN _____
LUVENAR**

**NILIMBAG AT IPINAMAMAHAGI NG
CALLIGRAPHY PRINT
315 GOV PADILLA RD, PLARIDEL,
BULACAN**

Visit: www.gabbydictionary.com
e-mail: lou_gaboy@yahoo.com

*THIS BOOK IS
PRESENTED AS A
GIFT TO:*

-

FROM:

-

Date: _____

PAUNANG SALITA

Gusto kong ibahagi sa inyo ang aking kaunting karanasan at kaisipan.

Noong ako ay magtatapos na sa *high school* ay para akong nangangapa sa dilim kung saang kolehiyo mag-aaral, at kung paano. Alam kong ito rin ang damdamin ng aking mga kamag-aral, na nag-iisip kung papaano na ang bukas, pagkatapos ng *high school*. Marahil, ito rin ang nararamdaman ninyo.

Ngayon, ako ay lumilingon sa mga kabataang nasa *high school*.

Sana ay makatulong sa inyo ang munting aklat na ito.

LLG

MGA NILALAMAN

ANO RAW ?	1
Bilang ng mga mapapasukang Kolehiyo at Institusyon , 2; Kasalukuyang Kalagayan ng Edukasyon 2;	
ANO RIN ?	4
Kuwento ng Masipag na Bobo at Tamad na Matalino, 4; Wala raw siyang E-mail, 6; Ang Mga Abilidad ng mga Tao sa Ibaba, 8; Sa Pabrikang ng Sabon, 8; Sa Pabrikang ng Salamin, 9; Ang Inhinyero at ang Bangkero, 10;	
ANO BA ?	11
Vocational o Academic ? 11; Propesyonismo, 13; Pangarap, 11; Ang Iyong Sulok sa Ilalim ng Araw, 17; Ano ba Talaga ang Gusto Mo, 20?	
ANO KA ?	21
Ano ba ang Kakayahan Mo ? 21; Pagsukat ng Kakayahan, 24; Personalidad, 24; Kakayahang Pinansyal, 28; Kakayahang Mental, 28; Kakayahang Pisikal, 30;	
ANO PA?	39
Kinagigiliwang Gawain o Libangan, 32; Tao, Pisikal na Bagay o Impormasyon, 33; Hunter, Farmer, Monk, 34; Left-Brain, Right-Brain, 36; <i>Brain</i> , 40; <i>Brawn</i> 41; Mamamasukan ka ba o magiging entrepreneur? 41;	
ANO NGA ?	45
Mga Kurso sa Kolehiyo, 45; Mga Popular na Kurso sa Kolehiyo, 48; Mga Uri ng Trabaho, 50; Listahan ng mga Kolehiyo at mga Paaralang Teknikal at Bokasyonal, 61; Region I, 61; CAR, 65; Region II, 66; Region III, 69; NCR, 74; Region IV-A, 83; Region IV-B, 89; Region V, 90; Region VI, 94; Region VII, 98; Region VIII, 101; Region IX, 105; Region X, 106; Region XI, 109; Region XII, 111; Caraga, 113; ARMM, 117; Map 118;	
O, ANO NA ?	119

ANO RAW ? (ANG TSANSA MONG MAKAKATAPOS NG KOLEHIYO)

Ayon kay Peter Wallace, sa kanyang sinulat sa Manila Standard Today noong Mayo 16-17, 2005, sa bawat 100 bata na pumapasok sa elementarya, 33 ang hindi makakatapos. Sa mga makakatapos naman ng elementarya, 66 lamang ang makakapasok sa high school. Sa mga nakatuntong sa high school, 19 ang hindi makakaabot ng *graduation*, kaya 45 lamang mula sa 100 ang makakatapos ng *high school*.

Mula sa mga nakatapos sa *high school*, 26 ang papasok sa kolehiyo, at ang hindi makakapasok ay maaaring maghahanap na ng trabaho. Sa 26 na pumasok, **7 lamang ang makakatapos ng kolehiyo**.

Mula sa bilang ng mga nakatapos ng kolehiyo, 1% lamang ang galing sa mga mahihirap na pamilya. Ang iba ay galing na sa mga may kayang pamilya.¹

1

Low quality of education: “*The numbers say it all*” Peter Wallace, Manila Standard Today May 16-17; www.manilastandardonline.com

BILANG NG MGA MAPAPASUKANG KOLEHIYO AT INSTITUSYON:

Ayon sa ulat na pinalabas ng CHED (*Commission on Higher Education*), para sa taong 2005:²

A. PAMPUBLIKO 174

- 111 SUC (*State Universities and Colleges*);
- 1 CSI (*CHED Supervised Institution*),
- 47 LUC (*Local Universities and Colleges*)
- 10 iba pang paaralang pampubliko
- 5 special HEI (*Higher Education Institution na technical o vocational*)

174 total

B. PRIBADO 1,431

- 1,089 hindi sektaryan;
- 342 sektaryan

1,431 total ng mga *private schools of higher education*.

C. Total ng A + B = (174 + 1,431) = 1,605

Pansinin : Hindi pa kabilang sa kabuuan ang 25 extension/annex buildings/tie-ups sa pamahalaang lokal at ang 253 satellite campuses ng mga SUC.

KASALUKUYANG KALAGAYAN NG EDUKASYON

Ayon kay Senador Francis Pangilinan sa kanyang pahayag noong Mayo 2005, hinggil sa pagtataas ng singil ng tuition ng mga kolehiyo at unibersidad, dumarami ang mga estudyante sa mga pribadong kolehiyo at unibersidad na humihinto na sa pag-aaral o kaya ay lumilipat na lamang sa mga

² Higher Education System, CHED; Distribution of Higher Education Institutions by Region, Sector and Type of Institution As of January 2005 (AY 2004-2005)

pampublikong mga institusyon dahil sa tumataas na halaga ng tuition. Nguni't ang mga *state colleges and universities* ay dumaranas din ng kahalintulad na mga problema: hindi lamang nabawasan ang bilang ng mga *state colleges and universities*, at naging limitado ang kanilang kota ng tatanggaping estudyante, bagkus ay naapektuhan din sila ng pagtataas ng tuition at iba pang mga bayarin, na nagiging dahilan diumano upang mag-alisan ang mga *scholars*.

Ayon pa rin sa Senador, na bumabatay sa ulat ng UNESCO (*United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization*), 22% lamang ng mga estudyanteng nagpa-*enroll* ang nakakatapos ng kolehiyo. Idinagdag pa niya rito ang sinabi ng Wallace Report na ang antas ng paghinto sa pag-aaral sa kolehiyo ay isang kalunus-lunos at napakataas na 73 %.³



Papaano mo ba mapapaunlad ang iyong kanayunan ?

³ The Manila Bulletin Online www.mb.com.ph High tuition fees produce out-of-school, youths, solon says, By BERNIE CAHILES-MAGKILAT and MARIO CASAYURAN (May 17, 2005)

ANO RIN ? *Mga pamukaw- isip at pang-aliw na kuwento mula sa iyong kapaligiran)*

1. Ang Kuwento ng Masipag na Bobo at Tamad na Matalino

Paunawa: Ang nilalaman ng kuwentong ito ay parang masakit sa taynga, at waring nakaka-insulto, nguni't ito ay isa lamang kuwento na pamamulat o panggising. Hindi ninanais ng sumulat na makasugat ng damdamin. Nguni't kung minsan, hindi magigising ang isang tao kung hindi mo bubulyawan, o pagsasalitaan ng masakit. Ang sabi nga, "batu-bato sa langit, ang tamaan ay huwag magagalit." Nasasaiyo na ngayon kung paano mo tatanggapin ang mensahe ng kuwento.

May isang tao na may-ari ng isang lupain. Ang lupaing ito ay may dalawang burol sa may gitna, na nakakaabala sa pagpapatayo ng mga gusali. Nais niyang ipapatag ang dalawang burol. Nagpaanunsyo siya na magbabayad siya ng isang milyong piso bawa't burol, mapatag lang ang mga ito.

Dalawang tao ang nagboluntaryo upang ito ay patagin.

Ang nauna, si Bobot, ay kumuha ng pala, asarol, piko, karmatilya, maso at iba pang kagamitang pangmanu-mano. Sa tingin niya, kayang-kaya niyang patagin ang burol, nguni't inabot siya dito ng sampung taon. Upang makatawid-gutom, karaniwan siyang bumabale o umuutang sa may-ari ng lupa ng mga halagang P8,000 kada buwan. Pagkatapos ng sampung taon ng masipag na pagtatrabaho, ayon sa tuusan, nakamit niya ang isang milyon, na halos hindi naman niya nahawakan dahil unti-unti na ngang ipinambayad niya ito sa kanyang mga buwanang bale.

Ang pangalawa ay si Notalio. Dahil tamad nguni't mautak, kinuha lang niya ang kanyang *cell phone*, tinawagan ang kanyang kumpare. "*Pare, kokontratahin ko ang mga aparato mo: blasting, dump truck, bulldozer, grader at payloader sa kalahating milyon, sa loob ng isang buwan.*"

Dumating nga ang mga aparato at napatag ang isang burol sa loob lamang ng isang buwan. Nakakuha ng isang milyon si Notali, at pagkatapos maibawas ang kalahating milyong upa sa mga aparato, siya ay umuwi nang masaya dahil kumita siya ng kalahating milyon sa loob lamang ng isang buwan.

PAGSUSURI:

Ang isang milyon ni Bobot, hatiin sa sampung taon ay P100,000.00 kada taon. Pag hinati naman ito sa 12 buwan, ang lalabas ay humigit kumulang na P8,000 kada buwan. Ito ang halos katumbas na buwanang sahod ng isang karaniwang namamasukan o empleyado. Sa katapusan ng buwan, halos hindi na makasapat ang kanyang pera sa mga pangangailangan ng pamilya, kaya kayod na naman siya. Hanggang sa ang buwan ay maging taon. Sa bandang huli, halos wala siyang naipon at walang naipundar. Wala siyang asenso.

Ang kitang kalahating milyong piso naman ay dagliang kinikita ng mga negosyante kapag sinusuwerte. Nag-*enjoy* sila sa buhay at nakakabili ng gusto.

TANONG: Alin sa dalawa ang gusto mong maging buhay, ang buhay ni Bobot o buhay ni Notali ? Kung ikaw naman ay nagtatrabahona, alin ka sa dalawa ? “*Masipag na bobo*” o “*tamad na matalino*” ?

2. WALANG RAW SIYANG E-MAIL⁴

May isang lalakeng nag-*apply* bilang *office boy* sa isang malaking *high-tech* na kumpanya. Kinausap siya ng *personnel manager*, habang ino-obsorbahan nito kung papaano siya maglinis ng sahig. “OK, pwede ka. Ibigay mo sa akin ang iyong *e-mail address* at ipapadala ko sa iyo ang *form* na susulatan mo, at kung kailan ka magsisimula.”

⁴ Halaw sa isang kuwentong lumaganap sa Internet

“Pasensya na po, wala po akong *computer* at wala rin po akong *e-mail*,” ang sagot ng lalake.

“Aba, iho. Sa panahon ngayon na wala kang *e-mail*, ang ibig sabihin niya ay wala ka sa mundo, at kung wala ka sa mundo, siyempre, hindi kita mabibigyan ng trabaho.”

Umalis na lang ang lalake. Kinapa niya ang kanyang bulsa, at mayroon pa siyang P100. Bumili siya ng kamatis sa palengke, at inilako niya ito nang patingi-tingi sa mga bahay-bahay. Mabili ang kamatis, kaya umulit siya nang umulit sa paghango sa palengke at pagbebenta. Nakita niya na kikita pala siya ng pera, at dahil sa tiyaga, umunlad ang kanyang negosyo ng kamatis. Una, bumili siya ng kariton, pagkatapos, *delivery truck*, at dumami pa ang mga sasakyan niya sa negosyong kamatis.

Makalipas ang limang taon, isa na siyang malaki, tanyag at matagumpay na negosyante ng kamatis. Nagsimula na siyang magplano para sa kinabukasan ng kanyang pamilya, at kinailangan niyang bumili ng *life insurance*.

Dumating ang ahente ng seguro. Sa pagsasara ng kanilang usapan, nagtanong ang ahente kung ano ang kanyang *e-mail address*. Ang sabi niya, “*Pasensya ka na, wala akong e-mail.*”

Nagulat ang ahente ng seguro, “Sir, *wala kang e-mail ? Pero napakalaki na ng negosyo mo, Sir? Alam mo ba Sir kung ano sana ang dapat mangyari kung ikaw lang ay may e-mail ?*”

Nag-isip sandali ang lalake, at saka sumagot, “Oo, ang maging *office boy* ako sa kumpanyang iyon.”

3. ANG MGA ABILIDAD NG MGA TAO SA IBABA

a. **Sa pabrika ng sabon.** (*Halaw mula sa kuwento ni Mr. Butch Jimenez, Head ng PLDT's Media and Strategic Communications Department, sa kanyang talumpati sa pagtatapos sa UP noong 2005*)⁵. Sumablay ang isang aparato sa isang makabagong pabrika ng sabon. May nakalabas na mga kahon ng sabon na walang laman, at nagreklamo ang ilang mamimili.

Nagpatawag ng madaliang pulong ang pangulo ng kumpanya at sinuri nila ang mga aparato kung papaano maiiwasan ang ganitong kapalakan. Ang mga sabon ay lumalabas lulan ng isang *conveyor belt*, at isa-isang itong isinisilid sa mga kahon ng isa ring aparato na may *conveyor belt* na naghahatid naman ng mga kahon.

Sa wakas, pagkatapos ng napakalaking gastos sa *research* at mahabang panahon ng pag-eeksperimento at pagdidisenyo, naglabas ng isang natatanging *X-ray machine* ang mga inhinyero ng kumpanya. Sa pamamagitan ng *x-ray* na nakaku-

⁵ What's better than? By Mr. Menardo “Butch” Jimenez, UP Diliman Commencement Speech, April 27, 2003; www.up.edu.ph

nekta sa *computer monitor*, makikita agad kung ang kahon ay may lamang sabon o wala.

May isang trabahador ang nagsabi, “*Sir, sa palagay ko, di na kailangan ang x-ray. Madali kong malalaman kung may lamang sabon o wala ang kahon, maski hindi ko bantayan. Papaandarin ko lang po ang bentilador. Ang mga kahon na liliparin ng hangin ay iyong mga walang laman.*”

b. **Sa pabrika ng salamin.**⁶ (*Halaw sa isang kuwento ng isang propesor na nagtuturo ng Human Resource Management*):

Hirap na hirap ang mga *technicians* kung papaano mapapatuwid ang mga salamin na bumababa mula sa itaas ng makinarya. Palaging may kibal ang mga salamin. Kapag may kibal, madali itong mabasag, at malulugi ang kumpanya.

Nagpatawag sila ng mga magagaling na *consultants* na galing pa sa Europa, at pagkatapos ng mahabang panahon at malaking gastusin sa paghahanap ng remedyo, wala ring nangyari. Kibal pa rin ang salamin.

Nagtanong ang presidente sa isang *janitor* sa nasabing pabrika. Ang sabi ng *janitor*, “*Sir, ang remedyo lang diyan ay isara ang bintana sa may bubong, kasi, pag lumalabas na ang glass na*

⁶ Lecture in a class in Human Resource Management in Baguio City, 1979.

mainit-init pa mula sa itaas, at ito ay nahipan ng hangin, ang glass ay kumikibal.”

Magmula nang maisara ang nasabing bintana ay dumeretso na ang mga salamin.

c. Ang Inhinyero at ang Bangkero.⁷

Isang bagong tapos na inhinyero ang sumakay sa bangka. Dahil sa yabang at pagtingin sa bangkero na ito ay mangmang, pinagtatanong niya ang bangkero tungkol sa mga bagay na natutuhan niya sa kolehiyo, tulad ng *calculus*, *strength of materials*, *structural design* at kung anu-ano pa. Siyempre, walang maisagot ang bangkero. Ang bangkero naman ang nagtanong, “E ikaw ba Engineer, marunong lumangoy?”

“E hindi, bakit?” tanong ng inhinyero.

At saka biglang tumaob ang bangka . . . -#

TANONG: PAGKATAPOS NG HIGH SCHOOL
ANO BA ANG GUSTO MONG
MANGYARI SA BUHAY MO? ANO
ANG KUKUNIN MONG CORSO O
KARERA ?

Vocational o Academic ?

⁷ Isang Kuwentong Bayan

Ang mga subjects sa *high school* ay isinayos ayon sa dalawang preparasyon. Ang una ay ang paghahanda mo kung ikaw ay kukuha ng kursong bokasyonal at ang pangalawa ay kung ikaw ay kukuha ng kursong *academic*. Sa trabahong bokasyonal, karaniwang ginagamit ang kamay, tulad ng mga trabahong pagmemekaniko; pag-*encode* sa *computer*; pagtatrabaho sa pabrika ng kung anu-anong produkto; pananahi; praktikal na pagsasaka o pagtatanim; *food technology* at iba pa.

ANO BA ?
(Ano ba ang gusto mo?)



Sa trabahong may batayang *academic*, karaniwang ginagamit ang pagdedesisyon, pagpaplano at pagsasagawa ng mga plano. Karaniwan ay ihinahanda ang estudyante sa pamamagitan ng pagtuturo ng mga teorya o kaalaman na kanilang magagamit sa trabaho. Halimbawa, ang inhinyero ay tinuturuan ng *Strength of Materials*; at ang mga Human Resources Personnel ay tinuturuan ng *Psychology*, at ang mga abugado ay ihinahasa naman sa mga probisyon ng batas.

Ang iyong desisyon ay babatay sa kung anong preparasyon ang kailangan mo sa iyong napiling magiging trabaho.



Anuman ang iyong mapili, dapat na ikaw ay maging propesyonal sa iyong magiging trabaho

PROPEYONALISMO (ANO BA ANG PROPEYONALISMO ? SINU-SINO BA ANG MATATAWAG NA MGA PROPEYONAL ?)⁸

Sino nga ba ang tinatawag na propesyonal ? Ayon sa mga dalubhasa, ang mga sumusunod ang mga katangiang dapat taglayin ng isang taong nananais na matawag na siya ay isang propesyonal:

1. Mayroon siyang sapat na kaalaman, kasanayan at kahusayan (*Knowledge, skills and expertise*) sa kanyang gawain.

Ang **knowledge** ay kaalaman sa teorya at pamamaraan sa kanyang napiling trabaho. Kapag ang kaalaman ay nagagamit nang madalas at maayos, ito ay nagiging **skill**, at kapag ang **skill** ay maaaring isalin o ituro sa ibang tao, ang tawag dito ay **expertise**.

⁸ Batay sa lektura sa PNP hinggil sa Code of Conduct and Ethical Standards: Professionalism in the PNP

Upang magkaroon ng ganitong mga katangian, ang mga propesyonal ay karaniwang nagtatapos sa mga kolehiyo, o sa alin mang paaralan na nakapagtuturo ng sapat na kaalaman upang magampanan nila ang kanilang napiling propesyon.

2. Ang propesyonal ay sumusunod sa mga alituntunin ng magandang kaasalan, ng isang *professional code of ethics* o kaya ay *oath of the profession*, at may isang grupo o kaya ay sangay ng pamahalaan na tumitingin kung ang mga nasabing propesyonal ay sumusunod sa nasabing mga alituntunin.

Ang mga doktor, halimbawa ay nanunumpa na gagampanan nila ang kanilang tungkulin ayon sa *Hippocratic Oath*. Ang mga abugado naman ay nasasaklawan ng mga alituntunin ng batas at ng *Integrated Bar of the Philippines*.

Kalakip sa pagsunod sa mga alituntuning nabanggit ang paggalang ng komunidad. Karaniwan ay may katumbas na opisyal na pahintulot o lisensyang ibinibigay ang pamahalaan sa nasabing propesyonal upang isagawa ang kanyang propesyon. Kung ang isang propesyonal ay lalabag sa nasabing mga alituntunin, maaari siyang bawian ng lisensya o kapangyarihang tumupad sa tungkulin. Ang isang sundalong nagkasala, halimbawa, ay maaaring parusahan ng *Court Martial*, at ang isang nars na nagkakaso sa maling pag-aalaga sa maysakit ay maaaring tanggalan ng lisensya ng *Professional Regulations Commission*. Ang abudado na nagkasala ay maaaring tanggalin sa pagka-abugado, o *madisbar*.

3. Ang mga propesyonal ay may tungkuling maglingkod, hindi lamang sa kapwa, kundi sa buong pamayanan.

Ang mga pulis, sundalo, nurses, doktor, mga guro ay pawang naglilingkod sa pamayanan.

4. Ang mga propesyonal ay binabayaran nang nararapat ayon sa kanilang serbisyo.

Madalas nating marinig ang mga salitang “*professional fee*” o kabayaran sa serbisyo ng isang propesyonal. Ang singil ng mga propesyonal ay karaniwang itinatakda ng batas, o ng kanilang samahan.

5. Ang mga propesyonal ay may kalipunan, samahan o asosasyon na nagtataguyod ng kanilang kapakanan, at nagsasanay, nagpapaunlad at nagpapalawak ng kanilang kaalaman at ugnayan.

Ang mga halimbawa nito ay ang *Philippine Medical Association* at IBP.

TANONG: Maaari bang maituring na propesyonal ang mga magnanakaw at *swindlers*? Ang sagot ay hindi, sapagka’t hindi sila tumutugon sa pangalawa at pangatlong sukatan: ang panuntunan ng wastong kaasalan at ang paglilingkod sa bayan. Hindi rin sila maaaring protektahan ng pamahalaan, bagkus, sila nga ay dapat pang arestuhin at ikulong.

May nagsabi rin na ang propesyonal ay isang taong gumagawa nang tama: tamang gawain, sa tamang oras at lugar, sa tamang pamamaraan at sa tamang layunin kapalit ng tamang kabayaran at tamang kasiyahan na siya ay nakapaglingkod sa bayan.



Mangarap ka . . . at magsikap. Sabi ng isang awitin, “Magsikap ka . . . simulan mo.”

Kung ikaw ay nasa *high school*, *graduating* o katatapos lamang ng *high school*, tanungin mo ang iyong sarili. *Ano ba ang gusto mong mangyari sa buhay mo. Ano ba ang gusto mong maging trabaho o propesyon? Ano ba ang magiging kalagayang mo pagkalipas ng mga taon? Limang taon, sampung taon? Ano ba ang gusto mong maging estado mo sa buhay pagtanda mo? At paano mo mararating ang iyong mga pangarap?*

PANGARAP

Ang una mong gawin ay mangarap. Walang gastos ang pangarap. Magtatakda ka ng tinatawag na “*goal*” o layon sa buhay. Isipin mo na ang pangarap na ito ay kaya mong abutin. May *short term goal*, *medium term goal* at *long term goal*. Dapat sa mga goal na ito ay *doable* (maisasagawa) at praktikal (may pakinabang at sulit sa ibinuhos mong atensyon).



Kung ang *long term goal* mo ay maging isang matagumpay na propesyonal at mamamayan, isang doktor o abugado, halimbawa, ang mga *short term goals* mo naman ay ang mga sumusunod: makatapos ng *high school*, makakuha at pumasa sa *entrance exam* sa *college*, at makapasok sa nasabing *college*. Ang *medium term goal* mo naman ay pumasa sa *college* at makatapos, at makakuha ng diploma, o kaya ay lisensya o makapasa sa bar (kung abugado) o sa *board* (kung ibang propesyon), halimbawa.

ANG IYONG “SULOK SA ILALIM NG ARAW”

Ang iyong pipiliing karera o trabaho ay magtatakda papel na iyong gagampanan sa lipunan. Ang lahat ng galaw o kilos ng bawat tao sa lipunan ay ginagabayan ng mga prinsipyo ng ekonomiya.

Sabihin na nating hindi gagalaw ang mundo kung hindi gagalaw ang pera. Sa pag-ikot ng pera,

may tinatawag na “*multiplier effect*” na ang ibig sabihin na sa bawa’t piso na iyong ginasta, ay may naidagdag na umiikot na pakinabang para sa iyo at sa ibang tao.

Halimbawa: Bumili ka ng pisong pandesal. Sa halagang piso, may kung ilang sentimo na napunta sa tubo ng may-ari ng panaderya, may ilang sentimo na napunta sa suweldo ng tindera ng panaderya, may ilang sentimo na napunta sa suweldo ng mga panadero, at maging ng mga trabahador at may-ari ng pabrika ng mantika, asukal, asin at harina na ginamit sa paggawa ng pandesal. Kumita rin mula sa piso mo ang nagtanim ng tubo (*sugar cane*) na ginawang asukal sa Negros, ang nagtanim ng niyog na ginawang mantika sa Bicol, at ang mga kargador, kasama na rin ang mga *driver* at pahinante ng trak na naghatid ng mga sangkap sa paggawa ng tinapay.

Ang mga kaagapay na produkto ay mabibili rin dahil sa pagbili mo ng pandesal. Kikita ang mga nagtatanim ng *strawberry* sa Benguet dahil magpapalaman ka ng *strawberry jam*, at kikita ang *tricycle driver* sa pagpunta mo sa panaderya. Kikita rin ang gumawa ng supot na plastik na pinagsidlan ng iyong pandesal, at kikita ang basurero kapag itinapon mo na ang plastik.

Ang may-ari naman ng panaderya ay pupunta sa barbero upang magpagupit. Kasama sa kanyang ibabayad sa barbero ang ilang sentimo na kinita niya mula sa iyo.

Sa madaling salita, ang iyong magiging trabaho ay langkap ng kawing-kawing na mga gawain na ang bawa’t isa ay mahalaga. Kung may magkulang o mawala sa mga kawing-kawing na ito, halimbawa, hindi ka bumili ng pandesal, o kaya ay hindi nagtanim ng niyog ang magsasaka sa Quezon,

magkakaroon ito ng hindi magandang epekto sa ekonomiya dahil mayroong hindi kikita, at hindi gaanong iikot ang pera.

Sa nakita mong halimbawa sa itaas, napagalaw ang ekonomiya sa pamamagitan ng iyong kakayahan na magdulot ng alin man sa dalawang bagay na maaari mong ialok upang ikaw ay mabayaran at kumita, at upang umikot ang pera.

Ang mga ito ay (1) **produkto**, tulad ng pandesal, mantika, asukal; at (2) **serbisyo**, tulad ng pagmamaneho, pagpapahinante, pagmamasa ng tinapay, pag-aasikaso ng tindahan, at paggugupit ng buhok.⁹

Ang iyong mapipiling trabaho ay papatak sa alin man sa dalawang ito: produkto o serbisyo. Maaari ring magkasabay na idulot mo ang produkto at serbisyo. Ang isang halimbawa nito ay kung ikaw ay isang mekaniko at ikaw ang nagbenta sa kostumer ng piyesa o *spare parts* ng kotse na iyong kinukumpuni. Sa kaso ng mekaniko, ang pagkukumpuni ay pagdudulot ng serbisyo at ang pagbebenta ng piyesa ay pagdudulot ng produkto.

⁹ Language of Economics (goods and services)



Isama mo sa iyong pangarap kung papaano ka makakatulong sa pagpapasigla ng ekonomiya ng Pilipinas.

ANO BA TALAGA ANG GUSTO MO ?

Bawa't tao ay may gusto. Hindi maaaring ang gusto ni Juan ay laging gusto rin ni Pedro. Ang pinakabatayan dito ay "*doon ka kung saan ka masaya.*" Sa pagkuha ng kurso o trabaho, hindi nagtagal ang isang tao sa kanyang ginagawa kung hindi siya masaya. Babalik at babalik siya sa kanyang hilig.

May mga estudyanteng kumakarera sa *engineering*, halimbawa, na napipilitan lamang dahil sa utos ng tatay o nanay. Ang lalabas nito, hindi siya masaya sa kanyang pag-aaral. Ang masama pa nito, nahihirapan siyang maka-*relate* o makaugnay sa mga *subjects*, kung kaya ang mga iba rito ay ibi-

nabagsak o idina-*drop* na lang ng estudyante. Sa-
yang naman ang pera at panahon.

Makabubuting nag-uusap ang magulang at anak kung ano talaga ang hilig pag-aralan o magiging trabaho ng anak. Ayon sa mga kuwento, ang nanay ni Manny Pacquiao ay tutol sa pagbo-*boxing* ng anak, nguni't nagpursigi si Manny Pacquiao hanggang sa siya ay maging pandaigdigang kampeon at kumikita ng hindi biru-birong pera.



ANO KA ? (Ano ang iyong mga katangian at kakayahan)

ANO BA ANG KAKAYAHAN MO ?

Sa iyong pangarap, ilita mong lahat ang mga posibilidad na ito ay iyong matutupad, at ang mga alternatibong gagawin kung sakaling mukhang mahirap mo itong maisakatuparan. Halimbawa,

gusto mong maging doktor. Anu-ano ang mga dapat mong isaalang-alang upang ikaw ay makapag-aral ng medisina ?

Heto ang halimbawang listahan ng mga dapat mong gawin:

1. Isangguni mo sa iyong mga magulang kung kaya nilang pag-aralin ka sa medisina. Kung desidido ka na pagdodoktor ang iyong gagawin, umisip ka ng ibang paraan upang matustusan ang iyong pag-aaral:

a. Kung hindi kaya ng iyong mga magulang, tingnan mo kung kaya mong kumuhaha ng *scholarship* sa mga kolehiyo. Magtanjung-tanong ka kung anong mga organisasyon, kumpanya o *foundation* ang nagbibigay ng *scholarships*.

b. Tingnan mo rin kung kaya mong maging *self-supporting student*. Ang ibig sabihin, MAGTATRABAHO KA. Saan ka maaaring pumasok ? Kaya mo bang magpiyon, o magtinda ? O maging *waiter* sa McDo o Jollibee o sa iba pang restoran ?



2. Sikapin mong makakuha ng matataas na marka sa mga *subjects* na kaugnay ng medisina, halimbawa: Biology, Chemistry at General Science. Ang pinakamaganda, sikapin mo nang maging matataas ang iyong mga marka sa lahat ng *subjects*, upang mas lumaki ang tsansa mo na makakuha ng *scholarship*. Ang mga kolehiyo ay may *quota*, na ang ibig sabihin, mabibilang mo lamang kung ilan ang estudyanteng kanilang tatanggapin. Ang pagsala ay ginagawa sa pamamagitan ng eksamen o *college admission test*. Kailangang maipasa mo ang *test*, kaya kailangan mo ng masusing paghahanda.

3. Saan ka ba mag-aaral ng medisina? Tingnan mo ang mga bagay sa kapaligiran na makakatulong sa iyo sa pag-aaral. May mga

kamag-anak ka bang matutuluyan, o kakilalang makakaserahan, o may alam ka bang mga dormitoryo na matutuluyan na malapit sa kolehiyo ?

4. Matuto kang magtuos. Magkano ba ang pamasaha mula sa tinutuluyan mo hanggang sa kampus; magkano ang pagkain, at mga gastos sa damit at uniporme at iba pang mga pangangailangan? Magkano ba ang matrikula ? Magkano ang presyo ng isang *subject per unit* ? Ngayon pa lang ay dapat na marunong ka nang magtuos ng mga gagastusin, para hindi ka nabibigla, at hindi rin nabibigla ang iyong mga magulang. Maaari mong pagbasehan ang halaga ng binabaon mo ngayon sa *high school* at kung papaano mo nati-tipid o nawawaldas ito.

HUWAG KANG PANGHIHINAAN NG LOOB. SI SENADOR JUAN FLAVIER AY GALING SA MAHIRAP NA PAMILYA NGUNI'T NAGING ISANG MATA-GUMPAY NA DOKTOR, NAGING KALIHIM NG KALUSUGAN AT NAGING SENADOR. SI DATING PANGULONG DIOSDADO MACAPAGAL AY GALING SA MARALITANG ANGKAN SA LUBAO, PAMPANGA AY NAGING SIKAT NA ABUGADO, AT NAGING PRESIDENTE NG PILIPINAS. MARAMING KUWENTO NG TAGUMPAY ANG MAPUPULOT MO MULA SA MGA NAKALUKLOK NGAYON SA PAMAHALAAN AT MGA EHEKUTIBO NG MGA MALALAKING KUMpanyA.



Develop your skills while in high school. You just have two options in your future: knowledge or ignorance.

PAGSUKAT NG KAKAYAHAN:

Ang iyong mga kakayahan ay maaring sukatin, tantyahin at alamin ayon sa mga sumusunod:

Personalidad:¹⁰

May mga tao na likas na mahiyain, kimi at ayaw lumantad. Karaniwang ang mga ito ay nagkakaroon ng trabaho na hindi na kailangan ang pagsasalita. Masisiyahan na lamang silang gumawa nang nag-iisa at walang kausap.

Mayroon namang mga tao na maboka, agre-sibo at mahilig makasalamuha sa ibang tao. Ito ang

¹⁰ **Your Career: Matching Your Choice To Your Personality**, Holland, John, L., 1997, *Making Vocational Choices; A Theory of Careers*; Tingnan sa Internet: Pharmahorizons.com

karaniwang nagiging pulitiko, ahente o tagapagbenta ng mga produkto, guro, artista, o kaya ay negosyante.

Tanungin mo ang iyong sarili kung saang kapaligiran ka magiging masaya kapag ikaw ay nagtatrabaho na. Gusto mo ba ang nakakalabas sa kalye at nakikisalamuha sa mga tao, o gusto mo ba na ikaw ay nasa loob ng isang *shop*, opisina, ospital o *cubicle*? Gusto mo ba ng maraming kausap, o gusto mo lamang na kaharap mo ang iyong *computer*, o mga kasangkapan tulad ng makinang panahi, mga lagare, liyabe o *drawing instruments*?

" What you are is God's gift to you. What you make of yourself is your gift to God. "

--Anonymous

Aminin natin na ang pagpasok ng trabaho ay para ding pagpasok sa showbiz. Karaniwang ginagawang bida ang mga may *pleasing personality*, at ang mga mukhang sanggano o mukhang maton ang ginagawang kontrabida. Wala na tayong magagawa rito. Kung sa personalidad, kung may hitsura ka, malamang na akitin ka ng mga trabahong may kinalaman sa magagandang bikas ng pagmumukha at pangangatawan. Marami ang pumapasok sa *entertainment industry* dahil sa may magaganda silang mukha. Marami ang nagiging *singers* dahil may magaganda silang boses.

Mahilig ka ba sa mga bagay na nahahawakan o nasa isip lamang? Ang hilig sa mga bagay na materyal, tulad ng kahoy, bato, makina at mga kasangkapan ay angkop sa mga karpintero, inhinyero, mekaniko, kontratista, halimbawa. Kung mahilig ka sa mga bagay na kathang-isip, tulad ng mga plano, imbensyon, kwento o mga panukala, dapat sa iyo ay kumuha ng mga kurso sa literatura, arkitektura, pagdidisenyo at mga agham na teoretikal.



Mahilig ka ba sa sining, o sa mga bagay na praktikal? Kung mahilig ka sa sining, at ikaw ay mapanlikha, makabubuting kumuha ka ng kursong tulad ng *fine arts, music* at *literature*. Kung ikaw naman ay mahilig sa mga bagay na praktikal, bagay sa iyo ang

mathe-matics, engineering o kaya ay *industrial* o *practical arts*.

Ikaw ba ay palatanong at palasuri ? Mahilig ka bang umalam sa mga sanhi ng mga bagay-bagay, tulad ng sakit; at sa mga resulta o bunga ng mga naunang pangyayari ? Mahilig ka bang magbigay interpretasyon sa mga datos ? Mapagtanong ka ba ng bakit ? Pakialamero o pakialamera ka ba ? Ang mga nababagay sa iyo ay mga kurso sa agham, *research*, at *statistics*. Bagay din sa iyo ang *criminology*, ang pagiging pulis, imbestigador, reporter, *researcher*, *analyst*, hukom, abugado, doktor o *pathologist*.

Mahilig ka bang mag-isa o mahilig kang makisalamuha ? Gusto mo bang nag-oopisina o gusto mo bang palabas-labas sa pagbibiyahe ? Kung hilig mong mag-isang magtrabaho, bagay sa iyo ang mga trabahong klerikal. Kung hilig mong palaging may kasama sa trabaho, bagay sa iyo ang mga trabahong kailangan ang *teamwork*, tulad ng pagiging *dancer* ng isang *dance troupe*, o *singer* sa isang *choir* o banda, halimbawa. Kung mahilig kang magbiyahe, bagay sa iyo ang maging ahente, *tourist guide*, *flight steward*, piloto, *driver*, konduktor; o *area manager*, halimbawa.



There are a lot of business opportunities out there for those who seek and persevere.

Mahilig ka ba sa negosyo ? Interesado ka ba sa galaw ng pera? O kampante ka na ba na regular na pasahod maski maliit ? Kung mahilig ka sa negosyo, bagay sa iyo ang maging mamumuhunan, negosyante, kapitalista, *stock broker*, *stockholder* ng isang korporasyon; *importer-exporter*; tagapagtinda, *distributor*, *franchise holder*, atbp. Kung kampante ka na na maging suwelduhan kada buwan, angkop sa iyo ang maging guro, sundalo o kawani.

Gusto mo ba ng trabahong de-kahon, o iyong ang iyong gagawin ay plantsado na ? O gusto mo ba ng trabahong pinag-iisip ka pa kung paano haharapin ang isang problema o isyu? Ang mga trabahong de-kahon ay may nakatakdang *procedure* o pamamaraan, halimbawa ang pagluluto ng *cake*, paggawa ng kendi o kaya ay paglilinis ng kotse, na ginagawa nang paulit-ulit. Ang mga pinag-iisipan namang trabaho ay iyong may kinalaman sa paggawa ng estratehiya, plano, disenyo, o *forecasts*. Kabilang dito ang mga trabaho ng mga *military strategists*; *financial analysts*, ahente ng mga paninda, mga *marketing specialists*. Bawa't problema o isyu ay nangangailangan ng bago at naiibang solusyon o pamamaraan.

Kakayahang pinansyal (kakayahang tumustos ng pera)

Sa pipiliin mong kurso, kaya mo ba o kaya ba ng mga magulang mo na tustusan ang iyong pag-aaral ? Kung hindi nila kaya, ano ang mga maaari mong gawin upang maidaos ang pag-aaral ? Nari-

riyan ang pag-aapply sa *scholarship* sa mga kolehiyo, o pagtatrabaho bilang *working student*.

Kakayahang mental (pangkaisipan)

Sa napili mong kurso, kaya ba ng isip mo na pag-aralan ang mga kurso? May isang estudyante halimbawa ang napilitang kumuha ng *Commerce*, nguni't nahirapan siya dahil hindi niya maintindihan ang *Accounting*. Nag-drop out na lang siya. Kung lilipat naman siya sa *Engineering* ay natatakot naman siya sa *Algebra*, *Trigonometry* at *Calculus*. Kumuha na lang siya ng *Automotive Mechanic Course* sa isang *vocational school*.

May isa ring estudyante na dahil sa *peer pressure* (sulsol at engganyo ng barkada) ay kumuha ng (*Electronics and Communications Engineering*). Nahirapan siya sa *Engineering Drawing*, kaya lumipat na lang siya sa *College of Business Administration*, na kung saan naging mas masaya siya, dahil nakaka-relate siya sa mga subjects.



Magandang gawain na kung may binabalak kang kuning kurso sa kolehiyo ay kunin mo na ang listahan ng mga *subjects* na pinag-aaralan sa kursong iyon upang habang nasa *high school* ka pa lang ay nakapaghahanda ka na. Ang isang magandang pagkukunan ng listahan ay ang *transcript of records* ng isang kaibigan o kakilalang nakatapos na sa kursong iyon. Maaari ka ring magsadya sa *Office of the Registrar* ng isang kolehiyo o vocational school.


Dapat mo ring isaalang-alang ang dalawang bagay sa iyong isipan na dapat magtugma: ito ay ang **attitude** at **aptitude**. Ang **attitude** mo ay nag-sasabi ng pagkakagusto mo sa isang kurso sa kolehiyo, samantalang ang **aptitude** ay ang tinatawag na wido mo o ang kakayahan mong makasakay, wika nga, sa kursong iyong napili. Halimbawa, gustung-gusto mo ang Inhinyerya (*Engineering*). Mayroon

ka nang *positive attitude* sa *Engineering*. Ang ta-nong, kaya mo bang makipagsabayan sa mga *sub-jects* na tulad ng *Algebra*, *Trogonometry*, *Physics* at *Chemistry*? Kung kaya mo, mayroon kang **aptitude**.

Kakayahang pisikal (pangkatawan):

Tingnan mo rin ang iyong kalusugan. Kaya ba ng katawan mo ang mausok na kapaligiran sa Maynila o sa lungsod ? Kung ikaw ay may hika, o kaya ay may kapansanan, tingnan mo rin ang kapa-ligiran na makapagbibigay sa iyo ng sapat na pag-hamon at sapat na kaluwagan upang ikaw ay maka-pag-aral. Mahirap makipag-agawan sa upuan sa *jeepney* kung ikay ay namamasahero.

O ikaw ba ay isang atleta ? Kung ikay ay may kakayahang maging isang manlalaro, subukan mo rin kung ang kolehiyong iyong papasukan ay maaaring magbigay ng *scholarship* sa mga atleta.



PMA provides a well-rounded training in academics, sports and values. The Academy motto is “Courage, Integrity and Loyalty.”

Ikaw ba ay may kapansanan ? Alamin mo kung aling mga paaralan ang nakapagbibigay ng tamang pansin sa mga *physically disabled* o *physically challenged* ? At tingnan mo rin kung papaanong ang iyong kapansanan o karamdaman ay makakaapekto sa iyong pag-aaral.

Dapat mong ihanda ang iyong katawan sa maraming mga pangangailangan ng kumakarera. Kaya mo bang magpuyat sa paggawa ng mga *term papers* o *theses* ? Kaya mo bang gumising ng maa-ga, o umuwi nang gabi dahil sa *schedules* ng iyong mga *subjects* ?

Stay healthy. Health is wealth.

desk attendants, tourist guides at iba pa.